

# Maaaring Makukuha ang Tulong ng FEMA para sa Mga Item na Napinsala ng Bagyong Ian

---

Release Date: Pebrero 16, 2023

**LAKE MARY, Fla.** - Sa Lee County, nag-apply ang isang umuupa sa FEMA pagkatapos ng Bagyong Ian, na nag-uulat na ang kanyang tahanan at personal na ari-arian ay nasira ng pagbaha. Nag-ulat din siya ng pangangailangang dulot ng sakuna para sa mga gastusing medikal kung saan wala siyang insurance.

Isang inspektor ng FEMA ang nag-verify na ang kanyang tahanan ay hindi matitirahan dahil sa pagbaha. Natukoy ng FEMA na natugunan niya ang lahat ng pamantayan sa pagiging karapat-dapat para sa iba't ibang kategorya ng tulong: karapat-dapat para sa paunang tulong sa pagpapaupa, tulong medikal at tulong pinansyal para sa mahahalagang personal na ari-arian at mga appliances na nasira ng baha. Nakatanggap ang babae ng kabuuang \$19,280 sa tulong na pederal mula sa FEMA.

Sa Seminole County, ang isang umuupa ay nag-ulat ng pinsala sa bahay at pagkasira ng personal na ari-arian, na walang seguro sa personal na ari-arian. Napatunayan ng isang inspeksyon ng FEMA na ang bahay ay hindi matitirhan dahil sa pagkasira ng ulan at hangin. Natukoy ng FEMA na natugunan niya ang lahat ng pamantayan sa pagiging karapat-dapat at siya ay karapat-dapat para sa paunang tulong sa pag-upa at tulong para sa pinsalang dulot ng sakuna sa mahahalagang personal na ari-arian at mga kasangkapan. Nakatanggap siya ng \$16,199.

Ang mga aplikanteng ito ay kabilang sa 364,000 kabahayan sa Florida na nakatanggap ng tulong na pederal mula sa probisyon ng FEMA's Individuals and Households Program Other Needs Assistance (ONA). Ang tulong na makukuha sa ilalim ng probisyon ng ONA ay kinabibilangan ng tulong para sa transportasyon, medikal at dental, pangangalaga sa bata, libing, paglipat at pag-iimbak, mga kritikal na pangangailangan at iba pang paunang naaprubahang mga gastos na maaaring hindi saklaw ng insurance o iba pang mapagkukunan.



**FEMA**

Page 1 of 2

Para sa pinakabagong impormasyon sa pagbawi ng Florida mula sa mga Bagyong Ian at Nicole, bisitahin ang [floridadisaster.org/info](https://floridadisaster.org/info) at [fema.gov](https://fema.gov). Sundan sa [FEMA Rehiyon 4 \(@femaregion4\) / Twitter](https://www.facebook.com/fema) at sa [facebook.com/fema](https://www.facebook.com/fema).



**FEMA**

Page 2 of 2